

S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

Nakapagtala ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ng bagong pagbagsak noong Abril

Abril 2026

May matindi at bagong pagbaba sa mga bagong order

Mas tumitindi pa ang mga pressure sa gastos

Pinakamataas ang kumpanya sa negosyo sa loob ng 17 buwan

Abril ang unang buwan ng pagbagsak sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas mula noong nakaraang Nobyembre.

Mas bumaba pa ang headline na figure na nakapagtala ng reading na mas mababa sa 50.0 dahil sa mabilis na pagbagsak ng mga bagong order at paghinto ng produksyon. Iniulat din ng mga kumpanya ang nabawasang aktibidad sa pagbili sa gitna ng mas matataas na gastos sa produksyon, na nagresulta sa pagbabawas nila sa kanilang mga imbentaryo. Nakapagtala rin ang sektor ng pagbabawas ng mga tauhan, na nagtatala ng unang buwan ng pagkawala ng trabaho sa kasalukuyang taon.

Gayunpaman, umaasa ang mga kumpanyang gumagawa ng mga produkto sa Pilipinas na magkakaroon ng bagong paglago sa produksyon sa susunod na 12 buwan. Pinakapositibo ang pananaw para sa susunod na taon sa loob ng 17 buwan.

Nakapagtala ang Philippines Manufacturing Purchasing Managers' Index™ (PMI®) ng 48.3 noong Abril, na bumaba mula sa 51.3 noong Marso, na nagpapahiwatig ng katamtamang pagbagsak ng mga kundisyon ng pagpapatakbo. Bumagsak ang index sa ikalawang magkasunod na buwan, na nagtala ng paghina sa unang pagkakataon mula noong nakaraang Nobyembre.

Bumaba ang headline na figure dahil sa bago at matinding pagbaba ng mga bagong order. Ito ang unang pagbaba sa loob ng limang buwan at pinakakapansin-pansin mula pa noong Agosto 2021.

Humina rin ang demand para sa mga produkto sa Pilipinas sa ibang bansa, dahil kapansin-pansing mas mabilis bumagsak ang mga bagong order sa export. Sa katunayan, pinakamalaki ang paghina mula pa noong kalagitnaan ng 2020. Binanggit ng mga kumpanya na nagresulta sa paghinto ng mga pagpapadala ang pagsasara ng mga ruta ng pakikipagkalakalan, na nagdulot ng pag-aalangan sa mga customer.


Nakapansin ang mga nagmamanupaktura sa Pilipinas ng hindi paggalaw ng mga antas ng produksyon dahil sa pagbaba sa kabuuan ng mga bagong benta noong Abril. Nakapagtala ang kaukulang panapanahong nagbabagong index ng neutral na reading na 50.0, na nagtala ng pagbabago mula sa paglago ng output na naobserbahan sa unang quarter ng 2026.

Pagdating sa presyo, mas bumilis ang rate ng inflation ng presyo ng input noong Abril, na nagpapahiwatig ng mabilis na pagtaas na pinakamabilis mula pa noong Disyembre 2022. Iniugnay ng mga kumpanya ang mga tumataas na gastusin sa pagpapatakbo sa mas matataas na gastos sa enerhiya at shipping, na parehong may kaugnayan sa digmaan sa Middle East.

Ipinasa ang malaking bahagi ng mga gastos sa mga kliyente sa pamamagitan ng matindi at mas mabilis na pagtaas ng mga factory gate na singil. Pinakamabilis ang rate ng inflation ng presyo ng pagbebenta sa loob ng 41 buwan.

Philippines Manufacturing PMI

Index, sa, >50 = pagbabago mula sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global PMI. ©2026 S&P Global.

Ang data ay nakolekta noong 9-23 Abril 2026.

Komento

Sinabi ni Maryam Baluch, Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Sinumulan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ang ikalawang quarter ng 2026 na may mga bagong lumalalang kundisyon ng pagpapatakbo, dahil bumagsak ang headline index nang mas mababa sa neutral na reading na 50.0 sa unang pagkakataon sa loob ng limang buwan. Nagkaroon ng kapansin-pansing problema sa mga kundisyon ng demand, kung saan nakapagtala ang data noong Abril ng matinding pagbagsak ng mga bagong order. Naapektuhan din ang kabuuan ng mga bagong benta ng paghina ng demand sa merkado ng export. Bukod pa rito, hindi gumalaw ang mga antas ng produksyon, at binawasan ng mga kumpanya ang aktibidad sa pagbili at pagkuha ng mga manggagawa habang hinaharap nila ang matataas na gastos, na kadalasang sinasabing nagmumula sa epekto ng digmaan sa Middle East.

"Gayunpaman, inaasahan ng mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa Pilipinas na malalampasan ang mga kasalukuyang suliranin, dahil pinakamataas ang kumpiyansa para sa susunod na taon sa loob ng 17 buwan."

S&P Global Philippines Manufacturing PMI®


Nakapagtala ang mga kumpanya ng ikalawang magkasunod na buwanang pagbaba sa aktibidad sa pagbili noong Abril. Dahil sa pagbaba ng mga bagong order at mas matataas na presyo para sa mga input at shipping, ginamit na lang ng mga nagmamamanupaktura ang mga imbentaryo para matugunan ang mga kinakailangan sa produksyon. Nabawasan ang mga imbentaryo bago ang produksyon sa ikalawang magkasunod na buwan, kung saan pinakamabilis ang pinakabagong pagbabawas at pinakakapansin-pansin ito mula pa noong Mayo 2020. Matinding nabawasan ang mga holding ng mga natapos na produkto kasunod ng apat na magkakasunod na buwan ng pag-iipon ng stock. Pinakamabilis ang pagbaba sa loob ng limang buwan.

Dahil sa mas matataas na gastos, binawasan din ng mga kumpanyang nagmamamanupaktura sa Pilipinas ang kanilang mga tauhan noong Abril. Bagama't bahagya lang ang bagong pagkawala ng trabaho, ito ang unang naitala sa 2026 sa ngayon.

Sa kabila ng pagbagsak ng trabaho, hindi natambakan ang mga kumpanya ng kanilang mga gawain sa trabaho, gaya ng ipinapakita ng bagong pagbaba ng mga backlog. Ayon sa mga panellist, nakatulong ang matinding pagbabawas sa mga bagong order para pagaanin ang pressure sa kapasidad.

Pagdating sa mga supply chain, nakapagtala ng bagong paghina sa performance ng vendor noong Abril. Tuloy-tuloy na tumagal ang mga average na lead time para sa mga input. Malawakang iniugnay ang mas matatagal na paghahatid sa digmaan sa Middle East.

Panghuli, tumaas ang kumpiyansa ng mga negosyo para sa susunod na taon. Mataas ang antas ng kumpiyansa sa buong kasaysayan at pinakamataas itong naitala sa loob ng 17 buwan. Sinusuportahan ang positibong pananaw ng mga inaasahang lumalagong client base at pagganda ng mga basehang trend sa demand, ayon sa mga pahayag.



Mga Pinagmulan: S&P Global PMI, Philippines Federal Reserve via S&P Global Market Intelligence. ©2026 S&P Global.

Makipag-ugnayan

Maryam Baluch
Ekonomista
S&P Global Market Intelligence
T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

Eri Amano
APAC Senior Communications
Manager
S&P Global Market Intelligence
Tokyo
+81 (0) 80 3714 7658
eri.amano@spglobal.com
press.mi@spglobal.com

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring magemail sa press.mi@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamina nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@spglobal.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamam-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng S&P Global Inc o nakalisensya sa S&P Global Inc.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggagarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anumang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatag ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.

S&P Global

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulon sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon. www.spglobal.com.

PMI mula sa S&P Global

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumapak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya.

www.spglobal.com/marketintelligence/en/mi/products/pmi